



Mahalaga Madali at Ligtas

Kinakailangan ang Estados Unidos na magsagawa ng pambansang pagbibilang sa lahat ng mga tao na naninirahan sa bawat estado bawat sampung taon (Konstitusyon ng U.S., Artikulo 1, Seksyon 2).

Ang sensus para sa 2020 ay nakakaapekto sa Maryland sa ilang mahahalagang paraan.

Ang sensus ay:

- Tumutukoy ng representasyon sa Kongreso at nakakaapekto sa mga lokal na lehislatibong distrito;
- Batayan sa pagpopondo sa mga kritikal na programa at serbisyo; at
- Tumutulong sa lokal na pagpapasya para sa pag-unlad ng ekonomiya, pagpapatayo ng paaralan at mga proyektong transportasyon, gayundin ang kalusugan ng publiko, kaligtasan ng publiko at pagpapalano para sa emerhensiya.

Mahalaga ang Bawat Marylander!

Lumahok sa 2020 Decennial na Sensus

Ang Sensus ay Mahalaga

Ginagamit ang data ng sensus sa pagtukoy sa antas ng pagpopondo ng pederal na pamahalaan sa mga programang tulad ng Programang Tulong sa Suplemento ng Nutrision para sa mga Kababaihan, Sanggol at Bata (Supplemental Nutrition Assistance Program for Women, Infants and Children o SNAP/WIC), Medicaid, Programang Seguro sa Kalusugan ng mga Bata (Children's Health Insurance Program o CHIP) at highway at mga proyektong transportasyon.

- Taon-taon, naglalaan ang pederal na pamahalaan nang mahigit sa **\$675 Bilyon** na pondo batay sa data ng sensus.
- Ang bawat Marylander na hindi naibilang ay ginagastusan ng estado ng tinatayang **\$18,250** sa mahigit na 10 taon – katumbas ito ng **\$1 Billion** na nawawala sa estado (batay sa undercount ng historikal na Sensus ng U.S.).

Ang pagkumpleto sa iyong form ng sensus ay pagtiyak na matatanggap ng mga taga-Maryland na pamilya, kapitbahayan at komunidad ang suportang kailangan nila para mabuhay, makapagtrabaho, makapaglaro at lumago.





Ang Sensus ay **Madali**

Maaaring punan ang iyong form ng sensus sa tatlong paraan – [sa pamamagitan ng koreo,](#) [telepono at online.](#) Ang 2020 na sensus ang magiging **unang online na sensus** sa kasaysayan ng U.S.

Ang pagsagot sa mga demograpikong katanungan sa sensus ay makakatulong upang matiyak na matatanggap ng iyong komunidadang ang kanyang **patas na bahagi ng pondo** at upang tumpak na mailalarawan ang pag-unlad ng ekonomiya ng inyong komunidad at ang mga pagpapasya sa pagpapalano sa Abril 1, 2020.

Ilang mahahalagang katotohanan na tandaan. Huwag kalimutan:

- Ang mga estudyanteng kolehiyo ay dapat maibilang sa kanilang address sa kolehiyo, sa loob man ito ng kampus o sa labas. Maibibilang lamang sila sa tahanan ng kanilang magulang kung naninirahan at natutulog sila doon.
- Kailangan ibilang ang lahat ng bata [kabilang ang mga mas bata sa limang taong gulang.](#)

Ang Sensus ay **Ligtas**

Ang Kawanihan ng Sensus ng U.S. Ay [kailangang panatilihing kumpidensyal ang lahat ng impormasyon,](#) kabilang ang pagkamamamayan, kita at iba pang sensitibong personal na data ng isang residente.

- Kinokolekta ang data para lamang sa mga layuning istatistikal at ang **personal na data ay hindi kailanman isinisiwalat.**
- Ang lahat ng impormasyon ng sensus ay pribado at pinoprotektahan ng batas sa Pamagat 13 ng U.S. Code at pinaparusan ang mga paglabang nang hanggang limang taon sa pederal na kulungan at/o multang \$250,000.

Kaya piliin ang paraan ng pagkakabilang sa iyo - sa pamamagitan ng koreo, telepono o online. Ito ay larawan natin na magtatagal nang sampung taon, kaya isali natin ang lahat sa larawan.



Census.Maryland.gov

Email: Census@Maryland.gov • **Twitter:** [@MDCensus2020](https://twitter.com/MDCensus2020) • **Phone:** 410.767.4500



Larry Hogan, Governor
Boyd Rutherford, Lt. Governor
Robert S. McCord, Secretary
Sandy Schrader, Deputy Secretary

